



MAHALAGANG PAALALA UKOL SA BABYWEARING

May pagkakataon na ang isang tao ay mayroon nang angking kaalaman sa paggamit ng carrier. May mga pagkakataon ding kailangan pa itong pag-aralan. Sa paggamit ng sumusunod na ABC, makasisiguro tayong laging ligtas at angkop ang paggamit ng carrier para sa iyo at iyong baby:

A

AIRWAY

Airway o lagusan ng hangin: Tiyaking laging bukas ang airway ng iyong sanggol. Dapat ay hindi umaabot ang kaniyang baba sa kaniyang dibdib. Tiyakin ding tuluy-tuloy na may hangin sa kanyang mukha. Dapat, malapit ang mukha ng iyong anak sa pwestong kaya mo siyang halikan at makita sa lahat ng pagkakataon.

B

BODY
POSITIONING

Body positioning o pwesto ng katawan: Tiyaking nagbibigay ng suporta ang carrier sa iyong anak batay sa kanyang kapasidad na kontrolin ang kanyang leeg at likod nang hindi siya nakukuba. Mas mainam kung ang kanyang mga tuhod ay mas mataas kaysa sa kanyang pwet at ang bigat ay nasa hita at pwet.

C

COMFORT

Comfort: Dapat komportable para sa iyo at iyong anak ang carrier na gamit mo. Kung hindi ka komportable at tiwala sa pagkarga mo, maaari kang humanap ng mahalili sa iyo. Kung kailangan ng tulong sa carrier mo, maaari kang magtanong sa iyong lokal na BWI chapter.